


1

# MTB-MLE

## Unang Markahan-Modyul 5: Pagbibigay ng Ngalan at Umpisang Tunog ng Bagay o Larawan



**MTB - MLE – Unang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Unang Markahan – Modyul 5: Pagbibigay ng Ngalan at Umpisang Tunog ng Bagay o  
Larawan  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akdang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-ari ng iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Precentacion S. Juan, Bethel Joy O. Mateo
<b>Editor:</b>	Mercy Acupido-Pablo, Leodegaria Laud-Reyno Anthony M. Navor, Ana A. Rubang
<b>Tagasuri:</b>	Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez, James D. Pamittan
<b>Tagalapat:</b>	Paolo Jericoh T. Baquiran
<b>Tagapamahala:</b>	Benjamin D. Paragas Jessie L. Amin Octavio V. Cabasag Rizalino G. Caronan James D. Pamittan Romel B. Costales Rodrigo V. Pascua Mariatess B. Baquiran Maria Christina A. Acosta Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500  
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728  
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# MTB-MLE

Unang Markahan-Modyul 5:  
Pagbibigay ng Ngalan at  
Umpisang Tunog ng Bagay o  
Larawan

## **Paunang Salita**

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit.

Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mo na nasa unang baitang upang maibigay ang ngalan at umpisang tunog ng bagay o larawan. Ang mga gawaing matatagpuan sa modyul na ito ay inaasahang makatutulong sa iyo upang maibigay ang ngalan at umpisang tunog ng bagay o larawan.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- pagbibigay ng ngalan at umpisang tunog ng bagay o larawan.

Pagkatapos ng mga gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- maibigay ang ngalan at umpisang tunog ng bagay o larawan.



## Subukin

### Gawain 1

Gawin ang mga sumusunod na kasanayan.

A. Bigkasin natin ang mga letra sa Alpabetong Filipino.

**A B C D E F G H I J K L M N O P Q R S T U V W X Y Z**

B. Subukan nating sabihin ang mga tunog ng letra sa Alpabetong Filipino.

<b>Aa (ey)</b>	<b>Bb (bi)</b>	<b>Cc (si)</b>	<b>Dd (di)</b>
<b>Ee ( i )</b>	<b>Ff (ef)</b>	<b>Gg (dzi)</b>	<b>Hh (eyts)</b>
<b>Ii (ay)</b>	<b>Jj (dzey)</b>	<b>Kk (key)</b>	<b>Li (el)</b>
<b>Mm (em)</b>	<b>Nn (en)</b>	<b>Nñ (enye)</b>	<b>Ngng (endzi)</b>
<b>Oo (o)</b>	<b>Pp (pi)</b>	<b>Qq (kyu)</b>	<b>Rr (ar )</b>
<b>Ss (es)</b>	<b>Tt ( ti )</b>	<b>Uu ( yu)</b>	<b>Vv (vi)</b>
<b>Ww (dobol-yu)</b>	<b>Xx (eks)</b>	<b>Yy (way)</b>	<b>Zz (zi)</b>



## Balikan






### Gawain 1

Balikan natin ang kuwento tungkol kay Mingming.

(Appendix 1)

- A. Ano ang mga laruan ni Alex na nabanggit sa kuwento?
- B. Alin sa mga laruan ni Alex ang nagustuhan mo?
- C. Ilarawan mo ang pusang si Mingming.
- D. Nararapat bang tularan si Mingming? Bakit?

Narito ang mga laruan ni Alex. Hanapin at ituro sa mga larawan ang may umpisang tunog na letra na bibigkasin ng iyong kasama sa bahay.





## **Tuklasin**

Narito ang mga letra ng Makabagong Alpabetong Filipino. Basahin natin.

Aa (ey)	Bb (bi)	Cc (si)	Dd (di)
Ee ( i )	Ff (ef)	Gg (dzi)	Hh (eyts)
li (ay)	Jj (dzey)	Kk (key)	Li (el)
Mm (em)	Nn (en)	Nñ ( enye)	NGng (endzi)
Oo (o)	Pp (pi)	Qq (kyu)	Rr (ar )
Ss (es)	Tt ( ti )	Uu ( yu)	Vv (vi)
Ww (dobol-yu)	Xx (eks)	Yy (way)	Zz ( zi )

Narito naman ang mga tunog ng bawat letra.  
Bigkasin natin.

Aa- “ah”	Bb- “buh”	Cc-“kuh”	Dd- “duh”
Ee- “eh”	Ff- “ffff”	Gg- “”guh”	Hh- “hhh”
li- “l”	Jj- “juh”	Kk- “kuh”	Li- “lll”
Mm- “mmm”	Nn- “nnn”	Oo –“ooo”	Pp- “puh”
Qq- “kwuh”	Rr- “rrr”	Ss- “sss”	Tt- “tuh”
Uu- “uh”	Vv-“vi”	Ww- “wuh”	Xx- “eks”
	Yy- “yuh”	Zz- “zzz”	





## Suriin


Pakinggan ang mga sumusunod na letra at tukuyin ang mga tunog nito:

S M B K L N O P V R W

Bigkasing muli ang mga letra at ibigay ang mga wastong tunog nito.







S M B K L N O P V R W

Ano ang naramdaman mo habang ginagawa mo ito kasama ang iyong nanay o tatay?



## Pagyamanin

Kilalanin ang mga larawan at isulat ang umpisang tunog ng mga ito sa iyong kuwaderno.





## ***Isaisip***

Ang Alpabetong Filipino ay binubuo ng 28 na letra. Bawat letra ay may natatanging pangalan at tunog . Nararapat lamang na kilalaning mabuti ang mga letra ng Alpabetong Filipino at mabigkas nang wasto ang mga tunog nito. Malaki ang maitutulong nito sa iyong pagkatuto sa pagbabasa. Tandaan na kapag ang letra ay nakasulat nang ganito “A” bibigkasin ito sa pangalan nito. Kung ang pagkakasulat naman ay ganito “/ey/” o “/A/” bibigkasin ito nang patunog.

Sa pagkilala sa mga pangalan at tunog ng mga letrang ito, mas mapadadali ang pagbibigay ng umpisang tunog sa mga larawan.



## ***Isagawa***

lugnay ang larawan sa angkop na salitang nagtataglay ng umpisang tunog ng mga larawan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

### **Hanay A**


1.



2.

**11**

3.



4.

**8**

### **Hanay B**

a. kotse

b. walo

c. labing-isa


d. halaman




## Tayahin

Isulat sa iyong kuwaderno ang tamang umpisang tunog ng mga larawan.


1.




4.




2.



5.




3.



6.





## ***Karagdagang Gawain***

Gumuhit ng sampung bagay sa paligid. Bigkasin o sabihin ang umpisang tunog ng mga ito at isulat ang tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_
7. \_\_\_\_\_
8. \_\_\_\_\_
9. \_\_\_\_\_
10. \_\_\_\_\_



## Susi sa Pagwawasto

(Kanya-kanyang sagot ang mga bata)

### Karagdagang Gawain

6. a

0. 2

0. 4

4. 3

8. 2

0. 1

### Tayahin

otso

Kotse

Laping-isa

Halaman

Isagasi

b, b, o, n, o, h, p, o, h

Pinagmasin

malikot.

pag-uugali ang pagiging

dahil hindi magandang

D. Hindi tapad ay is ibniH. D  
C. Isang malikot na pusa si Mingming

B. (saring sagot ng bata)

A. eroplano, dyip, telepono, tren at kampana

**Balik:**


# ***Sanggunian***

Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's  
Materials

Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's  
Guide

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning  
Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City:  
Department of Education Central Office, 2020

## Appendix 1




### Malikot si Mingming

Isang malikot na kuting si Mingming. Sa apat na anak ni Muning siya ang pinakamalikot. Lahat ng baga ay nilikot ni Mingming. Walang nakaliligtas sa likot niya.

“Mingming, huwag kang masyadong malikot,” madalas sabihin ni Muning sa anak. “Baka magalit sa atin sina Mang Berto at Aling Ana”.


Si Alex, anak nina Mang Berto at Aling Ana, ay mahilig sa mga mamahaling laruan na may iba’t ibang tunog. Itinatabi ni Alex nang maayos ang kanyang mga laruan sa isang eskaparate kapag siya ay nasa paaralan.

Isang araw, pumasok sa paaralan si Alex. Naisipang tingnan ni Mingming ang mga laruan.” Naku!, ang gaganda, ang sarap laruin,” ang sabi ni Mingming. “Pero ang taas ng eskaparate.” A, alam ko na, lulundag ako sa itaas,” ang sabi niya. At siya ay lumundag nang mataas sa ibabaw ng eskaparate.





Ang una niyang hinawakan ay ang eroplano.  
Sinusian niya ito at biglang tumunog ng “e-eeng-  
eeeeeng.”





Hinila niya ang pisi ng laruang kampana  
at narinig niya ang “kleng- kleng.”



Bumaba siya sa ikalawang bahagi ng eskaparate.  
Nakita niya ang telepono. Ginalaw niya ang pihitan at  
tumunog ng “kriiiiing-ng-ng.”



Pinindot naman niya ang busina ng jeep, “bip-bip- bip” ang tunog. “Tsug-tsug-tsug” naman ang tunog ng tren.



Tuwang-tuwang bumaba si Mingming. Lundag nang lundag siya. Sa kaiikot niya ay nabunggo niya ang eskaparate at nahulog ang mga laruan sa sahih.

Nagalit na si Mang Berto. “Talagang maligalig na ang kuting na iyan!” Nagalit na rin si Aling Ana. “Nakakainis na ang kuting na’yan!” aniya. “Bukod-tangi ang likot niya!”

Pati si Alex na rin, “Itapon na kaya natin o ipamigay kaya?” ang sabi niya.

“Huwag, kawawa naman, mahihiwalay na sa ina niya,” ang sabi ni Mang Berto. “Hayaan mo, ako ang bahala.”

Isang umaga, nasa hardin si Mingming. Nakita niya ang isang latang bibitin-bitin sa sanga ng puno na may nakalawit na taling halos sayad sa lupa.

Umandar na naman ang likot ni Mingming. Naisip niyang bumitin sa tali. Isasabit niya roon ang kanyang kuko at magpaugoy-ugoy. “Siguro mas malakas ang tunog nito kaysa roon sa maliit na kampana ni Alex,” naisip niya.

Ang hindi niya alam, patibong ni Mang Berto ang laruang tali. Puno iyon ng tubig. Pag nahatak ang pisi, bubukas ang ilalim at bubuhos ang tubig. Tiyak na mababasa ang hihila ng tali. Lumapit na siya sa tali. At sa isang talon ay naisabit niya roon ang kuko at nakita ang tali.

“Whhoosshhh!”

Napasigaw si Mingming nang bumuhos sa kanya ang tubig mula sa lata. Basang-basa siya.

Nanginginig siya sa ginaw na tumakbo sa kinaroroonan ni Muning at ng kanyang mga kapatid.

“Hindi sana ako nabasa kung sinunod ko si Ina,” ang sabi ni Mingming sa sarili.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)